# Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan ________________________________ Petsa __________________ Marka ___/20

## Pagbigay ng panghalip na pamatlig

*Panuto:* Isulat sa patlang ang tamang panghalip na pamatlig na bubuo sa pangungusap.

Kinukuwento ni Hilda kay Amy ang pagpunta niya sa tiangge kahapon.

"Maraming produkto ang binebenta sa tiangge. (1) ____________ ko nga nabili ang bag at tsinelas ko," sabi ni Hilda.

Si Nanay ay galing sa kusina. Pumasok siya sa silid ni Tina.

"May inihain akong bananacue. Gusto mo bang kumain (2) ____________?" tanong ni Nanay.

Nasa loob ng bahay ang magkapatid na sina Nico at Diego. Narinig nila ang kanilang alaga.

"Tumatahol ang aso sa labas. Baka gutom na (3) ____________," sabi ni Nico.

Nakita ni Becky ang kuwintas na suot ng kanyang kaibigan na si Danielle.

"Bago ba ang kuwintas na suot mo?" tanong ni Becky kay Danielle.

"Ngayon ko lang nakita (4) ____________."

Pumunta si Jose sa bahay ng kanyang kaklase na si Alex. Nakausap niya ang nanay ni Alex.

"Maagang umalis si Alex papuntang paaralan. Magkita na lang daw kayo (5) ____________," sabi ni Ginang Gonzalez.

Hawak ni Ginang Mendoza ang mga bahagi ng nabasag ng plorera.

"Sino ang nakabasag (6) ____________?" tanong ni Ginang Mendoza sa mga mag-aaral.

"Hindi po kami ang nakabasag (7) ____________," sagot ni Ramon.

May hawak na pitaka si Rica at kausap niya ang punong guro.

"Nahanap ko po (8) ____________ sa pasilyo," sabi ni Rica.

"Siguradong matutuwa ang may-ari (9) ____________," sagot ng punong guro.

Ibinigay ni Rica ang pitaka sa punong guro. "Salamat, Rica," sabi ng punong guro.

Nasa opisina si Abe. Tumawag siya sa bahay at nakausap niya si Belen.

"Belen, naiwan ko ba (10) ____________ ang *cellphone* ko?" tanong ni Abe.

"Oo, naiwan mo nga (11) ____________," sagot ni Belen. "Uuwi ka na ba?"

"May gagawin pa ako (12) ____________ sa opisina," sagot ni Abe.

Nag-uusap ang mag-ina na si Bea at Kristin.

"Sa Singapore nagtatrabaho ngayon ang itay mo. Kasama niya si Tito Manny (13) ____________," sabi ni Bea.

"Kailan po ba uuwi si Itay (14) ____________ sa atin?" tanong ni Kristin.

"Pagkatapos ng tatlong buwan, makakauwi na siya," sagot ni Bea.

May hawak na sobre si Kristin at lumapit siya sa kanyang inay.

"Inay, gusto ko pong ipadala ang sulat na (15) ____________ kay Itay sa Singapore?

Ano po ba ang tirahan na isusulat ko (16) ____________ sa sobre?" tanong ni Kristin.

Pumasok sa sala si Tita Anna na may dalang malaking regalo. Napansin siya ni Mitch.

"Wow! Para kanino po (17) ____________, Tita Anna?" tanong ni Mitch.

"Para sa iyo (18) ____________!" sabi ni Tita Anna.

Tinitingnan ni Binibining Marcelino ang isang larawan sa eksibit.

"Napakaganda ng larawan! Sino ang gumawa (19) ____________?" tanong ni Binibining Marcelino.

Narinig siya ni Corinna na tumitingin sa larawan na katabi ng larawan na tinitingnan ni Binibining Marcelino.

"Si Teresa po ang gumawa (20) ____________. Magaling po siya magguhit," sagot ni Corinna.